**Inland Regional Center**
Lavinia Johnson, Direktor
P.O. Box 19037, San Bernardino, CA 92423
Telepono: (909) 890-3000 • Fax:(909)-890-4773
E-mail: community@inlandsrc.org
www.inlandrc.org

*Tag-init 2024*

# Ulat sa Performance para sa Inland Regional Center

Bawat taon, nakikipagkontrata ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) sa mga regional center sa California para maglingkod sa mga indibidwal at pamilya. At, bawat taon, sinusuri ng DDS kung kumusta ang mga regional center. Bibigyan ka ng ulat na ito ng impormasyon tungkol sa iyong regional center.

Noong nakaraang taon, naglingkod ang Inland Regional Center (IRC) sa halos 48,960 indibidwal. Makikita sa mga chart sa ikalawang page ang tungkol sa mga indibidwal na aming pinaglilingkuran. Makikita mo rin kung gaano kahusay naming naaabot ang aming mga layunin at natutugunan ang aming kontrata sa DDS.

Sa IRC, gusto naming humusay bawat taon, makagawa ng higit pa sa karaniwan ng estado, at matugunan o malampasan ang pamantayan ng DDS. Tulad ng makikita mo sa ulat na ito, matagumpay naming natugunan o nalampasan ang marami sa mahahalagang layunin namin ngayong taon. Kapansin-pansing napataas namin ang porsiyento ng mga paninirahan ng mga nasa hustong gulang sa mga tahanan, napahusay ang pagsunod sa mga update ng CDER at ESR. Napataas namin ang bilang ng mga indibidwal na nasa kompetitibong naka-integrate na trabaho matapos lumahok sa aming Programa ng May Bayad na Internship. Dagdag pa rito, napanatili namin ang pagsunod sa mga independiyenteng audit at audit ng DDS, na tumitiyak sa pananagutan sa pananalapi at mahusay na pagpapatakbo.

Gayunpaman, may mga aspeto pa ring nangangailangan ng pagpapahusay. Dapat namin mapahusay ang mga timeline para sa pag-intake at pagtatasa para sa mga indibidwal na nasa edad na 3 taong gulang pataas. Dagdag pa rito, dapat naming palawakin ang kaalaman at paglahok sa aming mga programa sa trabaho, partikular na sa pag-abot sa mas mataas na rate ng placement at mas magandang resulta ng suweldo ng kalahok.

Sana ay makatulong ang ulat na ito para matuto ka pa tungkol sa IRC. Kung mayroon kang anumang tanong o komento, mangyaring makipag-ugnayan sa amin!


Buod ang ulat na ito. Para makita ang buong ulat, pumunta sa: www.inlandrc.org


O makipag-ugnayan kay CJ Cook sa **909-890-3000**


Lavinia Johnson
Direktor, Inland Regional Center


## Sino ang gumagamit ng IRC?

Ipinapaalam sa iyo ng mga chart na ito kung sino-sino ang mga indibidwal ng IRC at kung saan sila naninirahan.




## Gaano kahusay na kumikilos ang IRC?

Ipinapaalam ng chart na ito sa iyo ang limang aspeto na gusto ng DDS na patuloy na mapahusay ng bawat regional center.

Ipinapaalam sa iyo ng unang column kung ano ang lagay ng IRC sa huling panahon ng pag-uulat, at ipinapakita ng ikalawang column kung ano ang lagay ng IRC sa pagwawakas ng taon ng pananalapi ng 2024.

Para makita kung paano maikukumpara ang IRC sa iba pang regional center ng estado, ikumpara ang mga numero sa mga average ng estado (sa mga naka-shade na column).

| **Mga Layunin ng Regional Center** (ayon sa Batas Lanterman) | **Huling Panahon ng Pag-uulat** (Disyembre 2022) | | **Kasalukuyang Panahon ng Pag-uulat** (Hunyo 2024) | |
|---|---|---|---|---|
| | Average ng Estado | IRC | Average ng Estado | IRC |
| Mas kaunting indibidwal ang naninirahan sa mga sentro sa pag-unlad | 0.06% | 0.04% | 0.05% | 0.02% |
| Mas maraming bata ang nakatira kasama ang kanilang mga pamilya | 99.61% | 99.50% | 99.69% | 99.64% |
| Mas maraming nasa hustong gulang ang naninirahan sa isang tahanan | 83.01% | 83.25% | 83.86% | 84.25% |
| Mas kaunting bata ang naninirahan sa malalaking pasilidad (higit sa 6 na tao) | 0.03% | 0.12% | 0.02% | 0.08% |
| Mas kaunting nasa hustong gulang ang naninirahan sa malalaking pasilidad (higit sa 6 na tao) | 1.67% | 0.88% | 1.46% | 0.73% |

Tandaan: 1) Puwedeng maging bahagi ang mga indibidwal sa higit sa isang kategorya ng diagnosis. 2) Mga Uri ng Tirahan: Ang CCF/ICF ay nangangahulugang Pasilidad sa Pangangalagang Pangkomunidad/Pasilidad sa Panggitnang Pangangalaga (Community Care Facility/Intermediate Care Facility); Ang ILS/SLS ay nangangahulugang Mga Serbisyo sa Independiyenteng Pamumuhay/Mga Serbisyo sa Sinusuportahang Pamumuhay (Independent Living Services/Supported Living Services). 3) Kabilang sa paninirahan sa tahanan ang pamumuhay nang mag-isa, pamumuhay nang may suporta, mga Adult Family Home Agency na tahanan, at mga tahanan ng kapamilya ng indibidwal. 4) Isinasaad ng berdeng text na hindi nagbago ang RC o humusay ito kumpara sa nakaraang taon, ipinapakita ng pulang text na hindi humusay ang RC.

## Natugunan ba ng IRC ang mga pamantayan ng DDS?

Magbasa sa ibaba para makita kung gaano kahusay na natugunan ng IRC ang mga pamantayan ng DDS sa pagsunod:

| **Mga Salik na Sinuri** | **Huling Panahon ng Pag-uulat** | **Kasalukuyang Panahon ng Pag-uulat** |
|---|---|---|
| Naipasa ang independiyenteng audit | Oo | Oo |
| Naipasa ang audit ng DDS | Oo | Oo |
| Ino-audit ang mga vendor ayon sa hinihingi | Oo | Oo |
| Hindi gumastos ng lampas sa badyet para sa mga pagpapatakbo | Oo | Oo |
| Lumalahok sa pederal na waiver | Oo | Oo |
| Naa-update ang mga CDER at ESR kung kinakailangan (Ang CDER ay ang Ulat ng Pagsusuri sa Pag-unlad ng Kliyente o Client Development Evaluation Report at ang ESR ay ang Ulat sa Maagang Pagsisimula o Early Start Report. Pareho itong naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga indibidwal, kabilang ang diagnosis.) | 94.85% | 99.31% |
| Mga naabot na timeline ng Pag-intake/Pagtatasa para sa mga indibdiwal na nasa edad na 3 taong gulang pataas | 61.27% | 56.55% |
| Mga natugunang kahingian ng IPP *(Individual Program Plan)* | 98.11% | 99.88% |
| Mga natugunang kahingian ng IFSP *(Individualized Family Service Plan)* | 83.9% | 91.0% |

Tandaan: 1) Tumutukoy ang pederal na waiver sa programang Waiver ng Medicaid sa Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad na nagbibigay-daan sa California na mag-alok ng mga serbisyo na hindi available sa pamamagitan ng Medi-Cal program para maglingkod sa mga tao (kabilang ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad) sa kanilang sariling mga tahanan at komunidad.
3) Ang mga porsiyento ng currency ng CDER at ESR ay tinitimbang batay sa Status 1 at Status 2 ng mga caseload ng Hunyo 2024 ng RC para umabot sa isang composite na score. 4) Isinasaad ng N/A na hindi sinuri ang regional center para sa salik sa kasalukuyang panahon.

1. Kinikilala ng IRC na nasa labas tayo ng mga pamantayang timeline ng mga pag-intake at pagtatasa. Sa nakalipas na buwan, may bagong pinuno na itinalaga para sa programa at may ipinatupad na bagong proseso ng pagiging kwalipikado/pagiging kwalipikado ulit, na nagsimula noong Setyembre 1, 2024. Susuriin namin ang pag-usad sa mga susunod na buwan at aalamin namin kung paano isasama ang nakabinbing standardized na proseso ng pag-intake ng DDS. Layunin naming higit pang mabawasan ang tagal ng pagtugon ng IRC para sa mga pag-intake at pagtatasa. Dagdag pa rito, tatasahin namin ang pangangailangan para sa higit pang tauhan at maghahanap kami ng mga paraan para makagamit ng teknolohiya sa pag-streamline ng mga proseso.

## Gaano kahusay ang IRC sa pagpapakilos sa mga indibidwal?

Ipinapakita ng chart sa ibaba kung gaano kahusay ang IRC sa pagpapataas ng performance ng indibidwal sa trabaho kumpara sa kanilang dating performance at mga average ng buong estado:

| Mga Salik na Sinuri | | Panahon | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | CA | IRC | CA | IRC |
| **Indibidwal na Kita ( Edad 16 hanggang 64 na taong gulang):** Pinagmulan ng Data: Kagawaran sa Pag-unlad ng Trabaho (Employment Development Department) | | **Ene hanggang Dis 2022** | | **Ene hanggang Dis 2023** | |
| Bilang ng mga indibidwal bawat quarter na may kinikita | | 31,413 | 2,859 | 32,132 | 2,756 |
| Porsiyento ng mga indibidwal na may kinikita | | 15.40% | 12.55% | 15.20% | 11.41% |
| Mga average na taunang suweldo | | $13,198 | $13,356 | $14,251 | $14,452 |
| **Taunang kita ng mga indibidwal kumpara sa mga taong may mga kapansanan sa California** | | **2021** | | **2022** | |
| Pinagmulan ng Data: Survey ng Komunidad ng America, limang taong pagtatantya | | $30,783 | | $29,382 | |
| **Harapang Survey sa Pambansang Core na Indicator para sa Nasa Hustong Gulang*** | | **Hulyo 2017-Hunyo 2018** | | **Hulyo 2020-Hunyo 2021** | |
| Porsiyento ng mga nasa hustong gulang na nag-ulat na layunin nila sa kanilang IPP ang pagkakaroon ng naka-integrate na trabaho | | 29% | 28% | 35% | N/A |
| **Programa ng May Bayad na Internship** | | **2021-22** | | **2022-23** | |
| Pinagmulan ng Data: Survey sa Programa ng May Bayad na Internship | | **Average ng CA** | **IRC** | **Average ng CA** | **IRC** |
| Bilang ng mga nasa hustong gulang na nailagay sa kompetitibong naka-integrate na trabaho matapos lumahok sa isang Programa ng May Bayad na Internship | | 1,527 | 136 | 2,650 | 236 |
| Porsiyento ng mga nasa hustong gulang na nailagay sa kompetitibong naka-integrate na trabaho matapos lumahok sa isang Programa ng May Bayad na Internship | | 12% | 1% | 10% | 1% |
| Mga average na oras-oras o pinapasuweldong sahod para sa mga nasa hustong gulang na lumahok sa isang Programa ng May Bayad na Internship | | $15.08 | $14.93 | $15.96 | $15.49 |
| Mga average na oras na tinatrabaho bawat linggo para sa mga nasa hustong gulang na lumahok sa isang Programa ng May Bayad na Internship | | 15 | 15 | 14 | 12 |
| **Kompetitibong Naka-integrate na Trabaho** Pinagmulan ng Data: Survey sa Programa ng Insentibo ng Kompetitibong Naka-integrate na Trabaho | | | | | |
| Mga average na suweldo para sa mga nasa hustong gulang na lumalahok sa kompetitibong naka-integrate na trabaho, sa ngalan ng kung kanino nagbayad ng mga insentibo | | $15.63 | $15.12 | $16.51 | $15.68 |
| Mga average na oras na tinatrabaho para sa mga nasa hustong gulang na lumalahok sa kompetitibong naka-integrate na trabaho, sa ngalan ng kung kanino nagbayad ng insentibo | | 22 | 26 | 21 | 22 |
| Kabuuang bilang ng Mga binayarang insentibo para sa taon ng pananalapi para sa mga sumusunod na halaga:** | $3,000 | 25 | 52 | 804 | 67 |
| | $2,500 | 42 | 83 | 849 | 88 |
| | $2,000 | 55 | 98 | 1,031 | 91 |

*Nakakatanggap ang mga regional center ng 'N/A' sa talahanayan kung mas mababa sa 20 tao ang sumagot ng item ng survey.

**Gaano kahusay ang IRC sa pagbabawas ng mga pagkakaiba at pagpapabuti ng pagkakapantay-pantay?**

Ipinapakita ng mga talahanayang ito kung gaano kahusay ang mga regional center sa pagbibigay ng mga pantay na serbisyo para sa lahat ng indibidwal.

Porsiyento ng kabuuang taunang gastusin sa pagbili ng serbisyo ayon sa etnisidad at edad ng indibidwal

| Grupo ng Edad | Salik | American Indian o Alaska Native | | Asian | | Black/African American | | Hispanic | | Native Hawaiian o Iba Pang Pacific Islander | | White | | Iba pang Etnisidad o Lahi | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 | 21-22 | 22-23 |
| Kapan-ganakan hanggang 2 | Mga Indibidwal | 0% | 0% | 2% | 2% | 2% | 2% | 14% | 20% | 0% | 0% | 3% | 4% | 79% | 72% |
| | Mga Gastusin | 0% | 0% | 3% | 2% | 2% | 2% | 18% | 21% | 0% | 0% | 4% | 4% | 72% | 70% |
| 3 hanggang 21 | Mga Indibidwal | 0% | 0% | 4% | 4% | 8% | 8% | 45% | 43% | 0% | 0% | 17% | 16% | 25% | 29% |
| | Mga Gastusin | 0% | 0% | 4% | 4% | 10% | 10% | 47% | 45% | 0% | 0% | 21% | 21% | 18% | 20% |
| 22 at mas matanda | Mga Indibidwal | 0% | 0% | 4% | 4% | 14% | 14% | 42% | 43% | 0% | 0% | 35% | 34% | 4% | 4% |
| | Mga Gastusin | 0% | 0% | 3% | 3% | 15% | 16% | 32% | 32% | 0% | 0% | 45% | 44% | 3% | 4% |

Bilang at porsiyento ng mga indibidwal na tumatanggap lang ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso ayon sa edad at etnisidad

| Salik | Taon ng Panana-lapi | Bilang ng mga Kwalipikadong Indibidwal na Tumatanggap lang ng Pamamahala ng Kaso | | | Porsiyento ng mga Kwalipikadong Indibidwal na Tumatanggap lang ng Pamamahala ng Kaso | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Kapangana-kan hanggang 2 | 3 hanggang 21 | 22 at Mas matanda | Kapangana-kan hanggang 2 | 3 hanggang 21 | 22 at Mas matanda |
| American Indian o Alaska Native | 21-22 | 1 | 16 | 18 | 17% | 38% | 34% |
| | 22-23 | 0 | 17 | 19 | 0% | 39% | 33% |
| Asian | 21-22 | 4 | 352 | 169 | 2% | 40% | 25% |
| | 22-23 | 13 | 340 | 194 | 7% | 35% | 26% |
| Black/African American | 21-22 | 9 | 695 | 426 | 5% | 41% | 18% |
| | 22-23 | 9 | 697 | 432 | 4% | 39% | 17% |
| Hispanic | 21-22 | 45 | 3,580 | 1,679 | 3% | 38% | 23% |
| | 22-23 | 82 | 3,615 | 1,872 | 4% | 36% | 24% |
| Native Hawaiian o Iba Pang Pacific Islander | 21-22 | 1 | 20 | 9 | 100% | 57% | 27% |
| | 22-23 | 0 | 15 | 12 | 0% | 44% | 33% |
| White | 21-22 | 14 | 1,389 | 1,012 | 4% | 39% | 17% |
| | 22-23 | 22 | 1,367 | 1,099 | 5% | 38% | 18% |
| Iba pang Etnisidad o Lahi | 21-22 | 410 | 1,806 | 118 | 5% | 34% | 18% |
| | 22-23 | 499 | 2,342 | 158 | 6% | 35% | 20% |
| Kabuuan | 21-22 | 484 | 7,858 | 3,431 | 5% | 38% | 20% |
| | 22-23 | 625 | 8,393 | 3,786 | 6% | 36% | 21% |

Nagbibigay ang mga talahanayan sa ibaba ng impormasyon tungkol sa mga resulta ng survey sa Pambansang Core na Indicator tungkol sa mga serbisyo, kasiyahan, at kinalabasan ng pamilya, na sinuri ayon sa lahi at etnisidad.

Sa pangkalahatan, nasisiyahan ka ba sa mga serbisyo at suportang kasalukuyang natatanggap ng miyembro ng pamilya mo?
(Sagot: **Lagi/Madalas, Survey sa Pamilya ng Bata: 2021-22**)

| Etnisidad/Lahi | IRC | Lahat ng Regional Center ng California |
|---|---|---|
| Kabuuang Bilang ng mga Sumagot | 227 | 5,589 |
| Hindi Alam ang Lahi | 0% | 62% |
| American Indian/Alaska Native | N/A | 80% |
| Asian | 85% | 64% |
| Black/African-American | 82% | 67% |
| Native Hawaiian/Pacific Islander | N/A | 87% |
| White | 69% | 62% |
| Iba pa | 75% | 58% |
| Hispanic o Latino | 65% | 65% |
| Magkahalong Lahi | 78% | 67% |
| Sa pangkalahatan | 69% | 65% |

Sa pangkalahatan, nasisiyahan ka ba sa mga serbisyo at mga suportang kasalukuyang natatanggap ng miyembro ng pamilya mo?
(Sagot: **Lagi/Madalas, Survey sa Pamilya ng Nasa Hustong Gulang: 2021-22)**

| Etnisidad/Lahi | IRC | Lahat ng Regional Center ng California |
|---|---|---|
| Kabuuang Bilang ng mga Sumagot | 411 | 8,302 |
| Hindi Alam ang Lahi | 75% | 64% |
| American Indian/Alaska Native | 100% | 79% |
| Asian | 90% | 73% |
| Black/African-American | 66% | 76% |
| Native Hawaiian/Pacific Islander | N/A | 66% |
| White | 78% | 74% |
| Iba pa | 67% | 62% |
| Hispanic o Latino | 82% | 76% |
| Magkahalong Lahi | 69% | 73% |
| Sa pangkalahatan | 78% | 74% |

Sa pangkalahatan, nasisiyahan ka ba sa mga serbisyo at mga suportang kasalukuyang natatanggap ng miyembro ng pamilya mo?
(Sagot: **Lagi/Madalas, Survey sa Tagapangalaga ng Pamilya: 2021-22**)

| Etnisidad/Lahi | IRC | Lahat ng Regional Center ng California |
|---|---|---|
| Kabuuang Bilang ng mga Sumagot | 279 | 4,670 |
| Hindi Alam ang Lahi | 40% | 48% |
| American Indian/Alaska Native | 67% | 67% |
| Asian | 73% | 81% |
| Black/African-American | 84% | 72% |
| Native Hawaiian/Pacific Islander | N/A | 100% |
| White | 76% | 82% |
| Iba pa | 100% | 79% |
| Hispanic o Latino | 72% | 73% |
| Magkahalong Lahi | 79% | 78% |
| Sa pangkalahatan | 75% | 78% |

| Tandaan |
|---|
| Kabilang sa kategoryang Asian ang: Asian Indian, Cambodian, Chinese, Filipino, Hmong, Japanese, Korean, Laotian, Iba pang Asian, Thai, at Vietnamese |
| Kabilang sa kategoryang Native Hawaiian/Polynesian ang Guamanian, Native Hawaiian, Iba pang Pacific Islander, at Samoan |
| Kabilang sa kategoryang White ang Russian at White |
| Nangangahulugan ang N/A na walang sumagot para sa kategorya |
| Sinasalamin lang ng mga sagot ng survey sa Pambansang Core na Indicator ang saloobin ng mga indibidwal ng regional center na sumagot sa survey. Para sa higit pang detalye sa survey sa Pambansang Core na Indicator, makipag-ugnayan sa regional center. |

**Gusto ng karagdagang impormasyon?**

Para makita ang buong ulat, pumunta sa:

www.inlandrc.org O makipag-ugnayan kay CJ Cook

sa **(909)-890-3000**